Filipino



# SUPORTA SA KANSER PARA SA MGA KABATAAN

canteen
canteen.org.au

# Binabago ng kanser ang lahat, nauunawaan natin ito.

## Makakatulong talaga ang pagkakaroon ng tamang impormasyon, payo at suporta.



May 2025



## Nagbibigay ang Canteen ng malawak na hanay ng mga libreng serbisyo para sa mga kabataang may edad na 12-25 na hinaharap ang kanilang kanser o ng malapit na miyembro ng pamilya.

### Canteen Connect

isang 24/7 online na komunidad kung saan maaari kang kumonekta sa ibang mga kabataan na dumaranas ng mga katulad na bagay, dumalo sa mga kaganapan at makipag-chat sa isang tagapayo.

**canteenconnect.org**

Download on the App Store

GET IT ON Google Play

### Natatanging pagpapayo

libre at kumpidensyal na pagpapayo ay makukuha online o nang harapan. Ang mga tagapayo sa Canteen ay natatanging sinanay upang maunawaan ang mga hamon ng kanser.

**canteen.org.au/counselling**

### Libreng mga kaganapan at programa

mga araw ng pamamamasyal o lakwatsa sa Sabado at Linggo kung saan maaari kang makatagpo ng iba pang mga kabataan na nakakaunawa sa iyong pinagdadaanan, bumuo ng mga diskarte sa pagkakaya at magsaya rin!

**canteen.org.au/programs**

### Suporta sa Edukasyon at Karera

libre at pinasadyang serbisyo na nagpapasigla sa mga kabataang apektado ng kanser upang matuklasan ang kanilang lakas, alamin ang kanilang mga opsyon, at hubugin ang isang kinabukasan na gagana para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng paggawa ng mga panatag na hakbang tungo sa kanilang edukasyon at mga layunin sa trabaho.

**canteen.org.au/ecs**

# ANG AMING MGA PAGPAPAHALAGA AT PANGAKO

**Ginagabayan tayo ng ating mga pinahahalagahan at mga pangako para matiyak na ang lahat sa Canteen ay nakadarama ng paggalang, pagiging kasama at ligtas.**

## Pagkakaiba-iba at Pagsasama-sama

Tinatanggap namin ang mga taong may magkakaiba-ibang sekswalidad, pagkakakilanlan ng kasarian at pagkakaiba-iba ng intersex at mula sa lahat ng kultura, pinanggalingan at kakayahan.



## Pagkilala sa Lupain

Kinikilala ng Canteen ang mga Aboriginal at Torres Strait Islander bilang mga Tradisyunal na Tagapangalaga ng lupaing ito. Nagbibigay kami ng paggalang sa mga Nakatatanda ng nakaraan, ng kasalukuyan at sa hinaharap. Kami ay nakatuon sa pagbibigay ng inklusibo at naaangkop na suporta para sa mga kabataan ng Aboriginal at Torres Strait Islander, ang kanilang mga kamag-anak at komunidad na naapektuhan ng kanser.

▸ Ang Ngalaya (Dharawal para sa kakampi o kaibigan sa labanan), ay isang likhang sining na kinomisyon ng Canteen na nilikha ng babaing Kamilaroi at Jerrinja at manlilikha na si Jasmine Sarin.



# I-REFER SA CANTEEN

Tumawag sa **1800 945 215** o bisitahin ang **canteen.org.au/refer** para ikonekta ang iyong sarili o isang taong kilala mo sa espesyalistang suporta mula sa Canteen.

canteen
canteen.org.au